

ALTA CONNECTIONS

Ang Quarterly Client, Tagapagkaloob ng Serbisyo, at Pahayagan ng Update ng mga Kawani



MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR

Ehekutibong Direktor Lori Banales

"Ang tagsibol ay ang panahon ng mga plano at proyekto."
~Leo Tolstoy

Ang Marso ay buwan ng Kamalayan sa mga Kapansanan. Mayroong dalawang Resolusyon na ipinasa sa aming lokal na lugar upang kilalanin at parangalan ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa Pag-unlad. Ang una ay sa Lupon ng mga Superbisor ng County ng Yolo at ang pangalawa ay sa California State Assembly (Kapulungan ng Estado ng California). Ipinagamalaki ng aming sentrong pangrehiyon na lumahok sa parehong pagdiriwang. Ang pagtataguyod ng pagsasama, pagtanggap, at mga kontribusyon ng mga indibidwal na may mga kapansanan ay ang ginagawa namin araw-araw, at ito ay kasiya-siya kapag ang iba ay sumali!

Sa pagtatapos ng buwan ng Kamalayan sa Kapansanan (Disability Awareness), papasok tayo sa Abril at isusulong ang Kamalayan sa Austimo (Autism Awareness), isang buwan upang isulong ang pagtanggap at mga koneksyon sa komunidad. Sinusuportahan ng ACRC ang halos 13,500 indibidwal na may autism spectrum disorder (ASD) mula sa Maagang Pagsisimula hanggang sa pagtanda. Nakatuon kami sa pagpapahusay ng aming suporta sa maagang interbensyon pati na rin sa pagbuo ng mga opsyon sa pag-aaral pagkatapos ng sekondarya, trabaho at pabahay na magkakaibang xx gaya ng mga pinaglilingkuran namin. Kung naghahanap ka ng mga aktibidad na dadaluhan ngayong buwan, bisitahin ang <https://www.altaregional.org/events-calendar>.

Higit pa sa aming **tampok**
na alagad ng sining
Jeff Fong p.8

ANO ANG NASA LOOB NG ISYU NA ITO:

- MENSAHE MULA SA EDITOR
- ANUNSYO - MGA PULONG SA KOMUNIDAD
- MGA RESOLUSYON NG KAPULUNGAN AT COUNTY NG YOLO
- BUWAN NG PAGTANGGAP SA AUTISMO
- MGA KAGANAPAN SA OUTREACH NG ACRC
- CAC - GABAY NG MGA KLIYENTE SA IPP
- SPOTLIGHT SA KAWANI
- DSP NG LUNGSOD NG YUBA PINAGTULUNGANG EKSIBISYON SA TRABAHO
- BAGONG MGA TAGAPAMAHALA NG YUNIT SA MAAGANG KABATAAN
- TAMPOK NA ALAGAD NG SINING

ANUNSYO

**ANG ACRC AY MAGHO-HOST NG TATLUHANG-BUWAN NA BIRTUWAL NA PULONG SA KOMUNIDAD
MARKAHAN ANG MGA PETA NA MAYO 1, AGOSTO 7, AT NOBYEMBRE 6 - 11AM - 12PM
PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON BISITAHIN ANG [HTTPS://WWW.ALTAREGIONAL.ORG/CALENDAR](https://www.altaregional.org/calendar)
UPANG KUNIN ANG LINK. HINDI KAILANGAN NG REHISTRASYON.**

MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR – PINAGPATULUY

Ehekutibong Direktor - Lori Banales

Habang lumalaki ang bilang ng mga karapat-dapat na indibidwal, lumalaki din ang bilang ng mga tauhan na kailangan upang suportahan sila. Noong nakaraang taon, sinusuportahan ng badyet ang pagbawas sa laki ng caseload (mula 1: 62 hanggang 1: 40) para sa mga batang 0-5 taong gulang. Ang pagbabawas ng bilang ng mga bata sa isang caseload ay lumilikha ng mas maraming oras para sa mga pamilya upang malaman ang tungkol sa rehiyonal na sistema ng sentro, mga panlahat na mapagkukunan at upang lumipat sa edukasyon. Sa pamamagitan ng mas mataas na pagkakataong magamit at koneksyon sa mga pamilya, nabuo ang mga ugnayan. Nagdagdag ang ACRC ng dalawang karagdagang yunit sa aming programa sa Early Start para makamit ang 1: 40 na mga proporsyon at asahan ang pagsunod sa mga numerong iyon sa pagtatapos ng Tagsibol. Gumawa kami ng mga Yunit ng Early Childhood para pagsilbihan ang aming mga 3–5 taong gulang. Kami ay kukuha ng dalawang Tagapamahala ng Mga Serbisyo ng Kliyente para simulan ang pagbuo ng kanilang mga koponan at habang sila ay naninirahan sa mga tagapangasiwa ng serbisyo, ang mga proporsyon sa mga yunit ng aming mga bata ay magsisimulang mabawasan habang inililipat nila ang mga batang ito sa mga bagong yunit. Sina Sara Burton at Karen Delgadillo ay parehong itinampok sa edisyong ito upang magbahagi ng kaunti tungkol sa kanilang sarili.

Sa susunod na dalawa at kalahating buwan, ang mga sentrong pangrehiyon, tagapagkaloob, kliyente, pamilya, at tagapagtaguyod ay lalabas sa mga pagdinig sa badyet upang tumestigo at magbigay ng komento sa publiko tungkol sa mga priyoridad na mahalaga sa pagsuporta sa aming sistema. Ang kakulangan sa badyet ng estado ay mas malaki kaysa sa inaasahan noong Enero nang ilabas ng Gobernador ang panukalang badyet sa Enero. Ang mga mahihirap na desisyon ay kailangang gawin upang balansehin ang badyet ng susunod na taon ng pananalapi. Kami ay naninindigan nang sama-sama na nagbabahagi ng mga personal na pahayag ng epekto at mga kuwento na makakatulong sa pagbibigay-alam sa lehislatura habang sila ay gumagawa ng mga pagbawas. Umaasa kami na ang aming mga boses ay makakatulong na itama ang pagkaantala sa reporma sa antas upang ang mga indibidwal na sinusuportahan namin ay makatanggap ng mga serbisyong nararapat sa kanila. Ang Grassroots Days ay sa Martes, Abril 2, 2024, sa Kapitolyo. Ang aming kawani sa sentrong pangrehiyon at Asosasyon ay sasamahan ng mga kliyente at pamilya upang ibahagi ang kanilang mga kwento at mga priyoridad sa badyet sa mga miyembro ng lehislatibo at kanilang mga kawani. Ang pagsasama-sama ay makapagtatawid sa amin. Saan man mapunta ang badyet, tiwala ako na makakahanap tayo ng paraan para sumulong. Lagi namin itong nagagawa.

NATATANGING GAGAWIN NA WALK & CARNIVAL SA ROSEVILLE



Ang Mga Pamilya para sa Maagang Paggamot sa Autismo ay gaganapin ang kanilang Walk at Carnival sa Abril 13, 2024, sa Maidu Park sa Roseville. Bisitahin ang <https://featwalk.feat.org/> para sa higit pang impormasyon.

NAKILAHOK ANG ACRC SA MGA RESOLUSYON NA NAGDEKLARA NG MARSO BILANG BUWAN NG KAMALAYAN SA MGA KAPANSANAN SA PAG-UNLAD

Nitong Marso 12, 2024, inimitahan ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Yolo ang Alta California Regional Center, In-Home Supportive Services, California Children's Services, ang Tanggapang ng Public Guardian ng Yolo, at ang grupo ng pamilya na Koponang Davis na tanggapin ang resolusyon, na inihain ni Superbisor Jim Provenza, na nagdedeklara ng Marso bilang Buwan ng Kamalayan sa mga Kapansanan sa Pag-unlad. Tingnan ang buong teksto ng resolusyon na nakalakup sa edisyong ito.



Bukod pa rito, habang kinikilala ng Kapulungan ng Estado ng California ang Marso bilang Buwan ng Kamalayan sa mga Kapansanan sa Pag-unlad, ang mga kawani ng ACRC ay inimitahan sa Kapitolyo ng Estado noong Marso 21, 2024, upang makatanggap ng Sertipiko ng Pagkilala. Ikinalulugod ng ACRC na kilalanin at suportahan ang mga pagdiriwang na ito.



TAGAPAGTAGUYOD NG KLIYENTE NA SI REYVA JOHNSON NAGBIGAY NG PANGUNAHING TALUMPATI SA SIERRA COLLEGE TRANSITION SYMPOSIUM

Si Reyva Johnson, na nagtatrabaho bilang isa sa Tagapagtaguyod ng Kliyente ng ACRC ay pinarangalan na magbigay ng pangunahing talumpati sa Northern California Transition to Adulthood Symposium sa Sierra College noong ika-21 ng Marso. Ibinahagi ni Reyva ang kanyang napakahalagang karanasan bilang indibidwal at bilang magulang ng isang anak na nagsilbi. Nagsalita siya tungkol sa mga kritikal na "marka ng transisyon" at mga mahalagang milyahe sa ating buhay. Ibinahagi ni Reyva ang kanyang sarili, at ang sa kanyang 17-taong-gulang na anak na babae. Nagbigay siya ng mga nauugnay na halimbawa at tip sa kung paano makisali, tinalakay ang kahalagahan ng paglalagay sa sarili sa unahan, at pagkonekta at pakikipag-networking sa iba.



PAGTANGGAP SA NEURODIBERSIDAD: PAGLIPAT MULA SA KAMALAYAN SA AUTISMO PATUNGO SA PAGTANGGAP SA AUTISMO NI MARY RETTINHOUSE, ASD KLINIKAL NA ESPEYALISTA



Ang Buwan ng Kamalayan sa Autismo, na tradisyonal na ginaganap sa Abril, ay isang pagkakataon upang ilipat ang salaysay patungo sa pagtanggap ng pagkakaiba ng pananaw. Sa halip na tumuon lamang sa pagpapataas ng kamalayan tungkol sa autismo, ang diin ay dapat na nasa pagpapa-unlad ng pag-unawa at pagtanggap sa neurodibersidad.

Ang mga indibidwal sa ispektrum ng autismo ay kadalasang nahaharap sa estigma at maling paniniwala dahil sa kakulangan ng pag-unawa. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagtanggap, maaari tayong lumikha ng isang mas inklusibong lipunan kung saan ang lahat, anuman ang kanilang neurolohiya, ay nakadarama ng pagpapahalaga at paggalang.

Ang pag-iisip ng Buwan ng Kamalayan sa Autismo bilang Buwan ng Pagtanggap ng Autismo ay nangangahulugan din ng pagbabago tungo sa pagdiriwang ng mga natatanging lakas at pananaw ng mga indibidwal na may autismo. Hinihikayat tayo nito na lumampas sa kamalayan lamang at aktibong magtrabaho patungo sa paglikha ng isang mundo na tumanggap at nagpapahalaga sa neurodibersidad sa lahat ng anyo nito.

Ang pagtanggap ay nangangahulugan ng pagkilala na ang autismo ay maaaring may mga katangian na hindi kinakailangang ayusin o pagalingin ngunit isang pangunahing aspeto ng pagkakakilanlan ng isang indibidwal. Ito ay tungkol sa paglikha ng isang sumusuportang kapaligiran kung saan ang mga indibidwal na may autismo ay maaaring umunlad at mag-ambag ng kanilang mga natatanging talento sa lipunan.

Ngayong Abril, magsama-sama tayo para isulong ang Pagtanggap sa Autismo at bigyang-daan ang mas inklusibo at maunawaing hinaharap para sa lahat ng indibidwal sa ispektrum ng autismo.

ACRC SA PALIGID NG KOMUNIDAD



Ang ACRC ay madalas na lumalahok sa mga kaganapan sa aming mga lokal na komunidad.

Upang malaman ang tungkol sa mga paparating na kaganapan, mangyaring bisitahin ang <https://www.altaregional.org/events-calendar>.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa Mga Kliyente, Pamilya at Kawani ng ACRC, bisitahin ang <https://www.altaregional.org/our-stories>.

SULOK NG CAC

GABAY NG ISANG KLIYENTE SA AKING INDIBIDWAL NA PLANO NG PROGRAMA

Sa paglipas ng maraming buwan nitong nakaraang taon, isang grupo na ad hoc ng Komite ng Tagapayo sa Kliyente ng Alta (CAC) ay nakipagpulong sa mga kawani ng Alta upang bumuo ng Isang Gabay ng Kliyente sa Aking Indibidwal na Plano ng Programa (Individual Program Plan o IPP). Kasama sa mga miyembro ng CAC sina Amy Lampe, Michelle Rewerts at Karen Young. Ang ideya ay lumikha ng isang mapagkukunan upang samahan ang mga IPP ng kliyente na nag-aalok ng mga paliwanag ng mga termino, konsepto at magagamit na mapagkukunan na ibinigay mula sa pananaw at boses ng kliyente. Narinig ng mga sentrong pangrehiyon mula sa National Core Indicator (NCI) na mga resulta ng survey at mga pampublikong pagpupulong na ang impormasyon ay hindi palaging inilalahad sa paraang madaling maunawaan. Ang Alta ay nakatuon sa pakikipagtulungan sa mga kliyente, pamilya at mga kasosyo sa komunidad upang matiyak na ang impormasyon ay naa-access at naiintindihan. Sa pagsasagawa ng gawaing ito ang layunin ay lumikha ng isang bagay na katulad ng USC University Affiliated Program para sa Mga Serbisyo sa Kagawaran ng Pag-unlad (Department of Developmental Services o DDS) publikasyon na A Consumer's Guide to the Lanterman Act na magagamit sa mga iba pang mga mapagkukunan sa online sa Consumer-Friendly Publications - CA Department of Developmental Services. Nagpulong sina Amy, Michelle at Karen sa maraming pagkakataon upang dumaan sa proseso at dokumentasyon ng IPP ng Alta at tinalakay kung ano ang kahulugan ng bawat bahagi ng nilalaman para sa kanila. Ibinahagi nila kung paano nila mailalarawan ang impormasyon kung ipinapaliwanag ito sa isang kapantay. Ang kanilang puna ay nakuha at sinuri kasama sila para sa katumpakan. Kapag naayos na ang nilalaman ng mapagkukunan, ipinasalin ng Alta ang dokumento sa Arabic, Armenian, Tsino, Hmong, Persian, Russian, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese at idinagdag ito sa Post sa website ng Mga Publikasyon at Brochure ng Alta. Ang mapagkukunan ay magagamit sa parehong aktwal na kopya at elektronikong, na may maraming mga hyperlink sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan na nakatago sa elektronikong bersyon. Umaasa kaming nasiyahan ka sa pagsuri sa natapos na produkto.

Bukod pa rito, maraming miyembro ng CAC ang patuloy na nagtatrabaho sa pagbuo ng pagsasanay para sa Suportadong Pagdedesisyon sa pakikipagtulungan ng Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (State Council on Developmental Disabilities o SCDD) at ng Tagapamahala ng mga Serbisyong Legal ng ACRC, si Robin Black. Ang pagsasanay sa Suportadong Paggawa ng Desisyon ay inaasahang ilalabas sa Tagsibol sa mga kawani at komunidad ng ACRC.



SPOTLIGHT SA KAWANI - ESPESYALISTA SA PAGTANGGAP (INTAKE SPECIALIST) LINDA SAVAGE MITCHELL

Si Linda Savage Mitchell, Espesyalista sa Pagtanggap, ay patuloy na nagpapakita ng hindi natitinag na dedikasyon at pangako sa kanyang trabaho sa ACRC. Anuman ang sitwasyon, palagi niyang hinaharap ang okasyon. Nagdadala siya ng "kayang gawin ito" ("can-do") na pananaw at positibong enerhiya sa koponan ng ACRC araw-araw.

Si Linda ay 16 na taon nang nagtrabaho sa ACRC: 12 taon bilang tagapangasiwa ng serbisyo, at 4 na taon bilang espesyalista sa pagtanggap (intake specialist). Naging guro siya para sa K hanggang ikaanim na baitang sa loob ng maraming taon pati na rin isang superbisor/tagapamahala para sa Head Start at mga pribadong programa sa preschool. Nasisiyahan siyang tumulong sa mga pamilya at gusto niya ang ginagawa niya sa ACRC. Sa paglipas ng mga taon sa Pagtanggap (Intake), nakatanggap si Linda ng ilang mga papuri mula sa mga pamilya, at ang ilan ay binanggit sa ibaba:

Si Linda ang aming espesyalista sa pagtanggap at pangunahing kaugnayan sa Alta...mula sa oras na nag-apply kami hanggang sa ilipat ang aming kaso sa isang tagapagkaloob ng serbisyo. Sa buong panahon na ito, siya ay hindi kapani-paniwalang tumutugon, tapat, at propesyonal. Kahit na kailangan niyang ibahagi ang isang bagay na hindi namin gustong marinig, siya ay bukas at magalang. Siya ay mapagmalasakit at maunawain, na siyang dahilan kung bakit madaling makipag-usap sa kanya. Ang kanyang diskarte ay nakatulong sa amin na maging matiyaga at maunawaan ang proseso. Siya ay isang magandang unang kaugnayan at kinatawan ng Alta. Dapat bigyan siya ng bakasyon at dagdag na sahod. 😊 - Magulang, K.B.

Nais kong maglaan ng ilang sandali upang ipahayag ang aking taos-pusong pasasalamat sa iyong tulong sa aming appointment noong Miyerkules ng umaga. Ang iyong kabutihang-loob sa pagbibigay sa amin ng mahahalagang mapagkukunan at impormasyon na hindi namin alam ay tunay na pinahalalagan. Hindi ko maipahayag kung gaano kami nagpapasalamat ng aking asawa sa iyong tulong...Ang iyong kabaitan ay nagdala sa akin ng mga luha ng kagalakan, at nais kong ibigay ito pasulong...Salamat muli sa iyong napakahalagang tulong at suporta. – Magulang, B.J.

DSP COLLABORATIVE INANUNSYO ANG SUSUNOD NA EKSIBISYON SA TRABAHO (JOB FAIR) - LUNGSOD NG YUBA

Magho-host ang DSP Collaborative ng eksibisyon sa trabaho para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa sentrong pangrehiyon sa Abril 23, 2024 sa Boyd Hall sa Yuba City. Mangyaring bisitahin ang dspcollaborative.org para sa karagdagang impormasyon.



COME AND JOIN WITH US

DISABILITY INDUSTRY CAREER EXPO 2024

BROUGHT TO YOU BY DIRECT SUPPORT PROFESSIONALS COLLABORATIVE
Joining forces to grow our diverse workforce supporting people with intellectual or developmental disabilities. dspcollaborative.org

DSP COLLABORATIVE
Direct Support Professionals

Want to make a Real Difference in people's lives?
Come to the disability industry's Premier Employment Event for job seekers.
More than 30 Business Owners Looking to hire!

- Management positions available
- Full time, Part Time, Daytime, Nighttime
- Work with infants, Children, and Adults with Developmental Disabilities

DATE: April 23, 2024
TIME: 10:00 AM - 2:00 PM
SUTTER ONE STOP
Boyd Hall
895 Lassen Blvd., Yuba City, California, 95993

REGISTER HERE



Alta California Regional Center
SUTTER ONE STOP
Yuba City Health Regional Center
The Center for Healthy, Active Living

KILALANIN ANG MGA TAGAPAMAHALA NG MGA YUNIT SA MAAGANG KABATAAN NG ACRC

Ang paglipat para sa mga pamilyang may maliliit na bata na lumalabas sa Early Start sa edad na 3 ay lubhang matrabaho! Natututo ang mga pamilya sa kanilang sarili na xxxxx mamiloto sa mga bagong sistema, nakakaranas ng mga pagbabago sa paghahatid ng serbisyo, at natutong mag-access ng mga bagong mapagkukunan. Ang pagsasaayos sa distrito ng paaralan at sa mga serbisyo ng mga bata ay nangangailangan ng espesyal na pangangalaga. Ang ACRC ay bumubuo ng mga Yunit ng Maagang Kabataan kung saan ang mga Tagapangasiwa ng Serbisyo (Service Coordinator o SC) ay magkakaroon ng proporsyon ng hawak na kaso na 1:40, na naglilingkod sa mga batang edad 3 hanggang sa kanilang ika-6 na kaarawan. Ang mga SC sa mga yunit na ito ay dalubhasa sa pagtulong sa mga pamilya sa pamamagitan ng mahalagang pagbabagong ito. Sa mas kaunting hawak na kaso, magkakaroon ng mas maraming oras ang mga SC para tulungan ang mga pamilya sa pagpapatupad ng mga serbisyo at suporta para sa kanilang anak.

Ipinagmamalaki ng ACRC na ipakilala ang aming unang dalawang Tagapamahala ng mga Serbisyo sa Kliyente na nangangasiwa sa aming mga Koponan ng Maagang Kabataan.



Kilalanin si Sarah Burton, Tagapamahala ng mga Serbisyo sa Kliyente, Maagang Kabataan, na naglilingkod sa County ng Sacramento:

Ang aking karera sa Alta Regional Center ay nagsimula noong 2013. Noong Mayo 2023, tinanggap ko ang posisyon ng Punong Tagapangasiwa ng Serbisyo sa tanggapan ng Roseville, at ako ngayon ay lumilipat bilang isang Tagapamahala sa Serbisyo sa Kliyente sa yunit sa Maagang Kabataan. Ang pinaka-kapaki-pakinabang na aspeto ng aking trabaho ay ang ibahagi ang aking mga karanasan sa iba upang mas mapagsilbihan ang aming mga kliyente at kanilang mga pamilya.

Ipinanganak at lumaki ako sa Northern California at nakuha ko ang aking bachelor's degree sa University of California, Irvine kung saan nakilala ko ang aking asawa ng 10 taon. Mayroon kaming 9 na taong gulang na anak na babae, isang 2 taong gulang na anak na lalaki at ang aming bunsong anak na lalaki ay 9 na buwang gulang. Noong 2020, nakuha ko ang aking master's degree sa espesyal na edukasyon na may espesyalisasyon sa Autismo.

Ako ay isang masugid na 49er at tapat na tagasubaybay ng football. Sa aking libheng oras, nasisiyahan akong panoorin ang mga laro ng soccer ng aming anak na babae at paggugol ng oras kasama ang aming kamag-anak.

Ipinagpatuloy sa pahina 8

KILALANIN ANG BAGONG MGA TAGAPAMAHALA NG YUNIT SA MAAGANG KABATAAN - PINAGPATULUY




Kilalanin si Sarah Burton, Tagapamahala ng mga Serbisyo sa Kliyente, Maagang Kabataan, na naglilingkod sa County ng Sacramento:

Sumali si Sarah sa pangkat ng Alta California Regional Center noong Pebrero 2024. Bago lumipat sa Sacramento, siya ay isang Tagapamahala ng Programa ng Maagang Kabataan sa Sentrong Pangrehiyon ng San Diego sa loob ng 5.5 taon. Si Sarah ay nagtrabaho sa larangan ng Maagang Kabataan nang higit sa 25 taon at may hilig sa pagsuporta sa mga bata at pamilya. Nakatanggap siya ng bachelor's degree sa sikolohiya at master's degree sa espesyal na edukasyon. Habang gustung-gusto ni Sarah ang kanyang karera sa pamamahala ng kaso, ang paborito niyang tungkulin ay ina sa kanyang magaling at matalinong 7 taong gulang na anak na babae. Kapag hindi niya sinusupportahan ang kanyang koponan at ang mga pamilyang, gusto niyang mag-snowboard, pumunta sa mga konsyerto, maghiking, maglakbay, at maglaan ng oras kasama ang pamilya at ang kanilang dalawang goldendoodle na mga tuta.

TAMPOK NA ALAGAD NG SINING - JEFF FONG



Siya ay dumalo sa Work of Art -Southside sa nakalipas na taon, sa loob ng 3 araw bawat linggo. Siya ay isang umuusbong na alagad ng sining na lumilikha ng mga digital na larawan, kamangha-manghang mga larawan, at mga screen print. Si Jeff ay isang mahilig sa Godzilla at may malawak na kaalaman sa halimaw na uniberso nito. Gumawa siya ng mga bagong nilalang gaya ng Santazilla, Snake Fang, Diablosaurus Rex, at King Ghidorah, kung papangalanan ang ilan.



Gumawa si Jeff ng mga screen print na t-shirt para sa bawat miyembro ng kanyang pamilya na may simbolo ng Lunar New Year sa harap. (Makikita mo si Jeff sa kanyang Snake t-shirt sa larawan na ibinigay) Gumawa rin siya ng mga sticker pati na rin ng mga selyo! Bukod sa sining, nasisiyahan si Jeff sa paglalaro ng basketball para sa Espesyal na Olympics at kasama din sa paglangoy para sa Espesyal na Olympics sa nakaraan. Kasalukuyang pumapasok si Jeff sa Work of Art – Southside sa loob ng 2 araw bawat linggo, ngayon, para makapagtrabaho kasama ang kanyang manggagawa sa ILS para makuha ang kanyang lisensya sa pagmamaneho, na labis niyang sabik na ibahagi. Si Jeff ay isang napakabait na isang magalang na binata na may kahanga-hangang matinkad na imahinasyon na binibigyang-buhay niya sa pamamagitan ng kanyang sining. Good luck sa iyo sa iyong hinaharap na pagsusumikap, Jeff! Para bumili ng likhang-sining ni Jeff bisitahin: <https://www.woastudios.com/countryclub>.



County ng Yolo
Lupon ng mga Superbisor
Resolusyon Blg. 24-26

Pagdedeklara sa Marso 2024 bilang Buwan ng Kamalayan sa Mga Kapansanan sa Pag-unlad

DATAPWAT, ang Marso ay kinikilala sa buong bansa bilang Buwan ng Kamalayan sa Kapansanan sa Pag-unlad (Developmental Disabilities Awareness Month), na nagbibigay-pansin sa mga hamon na kinakaharap ng mga nabubuhay na may mga kapansanan at pinarangalan ang kanilang presensya sa ating mga komunidad; at

DATAPWAT, ang tema ng Buwan ng Kamalayan sa Kapansanan sa Pag-unlad ng 2024 (Developmental Disabilities Awareness Month) ay "Isang Mundo ng Mga Oportunidad" na naglalayong ipagdiwang ang pakikipagtulungan sa mga komunidad na nakatuon sa pag-alis ng mga hadlang para sa mga nabubuhay na may mga kapansanan sa pag-unlad; at

DATAPWAT, ang bawat miyembro ng ating Komunidad ng County ng Yolo ay dapat bigyan ng pagkakataon na magtagumpay at umunlad sa kanilang buhay nang walang anumang hadlang dahil sa kapansanan; at

DATAPWAT, mayroong mahigit sa tinatayang 3,500 katao sa County ng Yolo na nabubuhay na may kapansanan sa pag-unlad at mahigit 600,000 katao sa buong Estado ng California; at

DATAPWAT, mayroong ilang mga organisasyon sa County ng Yolo na gumagawa ng mahalagang gawain upang tulungan ang mga may kapansanan sa pag-unlad, kabilang ang Pangkat sa Pagpapalano sa Hinaharap sa Kapansanan sa Pag-unlad (Developmental Disability Future Planning Group) ng County ng Yolo, ang Alyansa ng Malusog na Pagtanda (Healthy Aging Alliance), Sentrong Pangrehiyon ng Alta California, United Cerebral Palsy (UCP), Team Davis, at higit pa. Ang mga organisasyong ito ay nagbibigay ng kritikal na impormasyon, serbisyo, at mapagkukunan sa mga nangangailangan sa loob ng ating komunidad; at

DATAPWAT, ang Komisyon sa Pagtanda at mga Serbisyo sa mga Adulto ng County ng Yolo ay magsasagawa ng mga town hall sa susunod na ilang buwan sa bawat lungsod sa county upang magbigay ng impormasyon at suporta sa mga tagapag-alaga ng mga nabubuhay na may mga kapansanan sa pag-unlad; at

DATAPWAT, ang County ng Yolo ay patuloy na naghahanap ng mga oportunidad upang suportahan ang mga nasa ating komunidad na may mga kapansanan sa pag-unlad.

NGAYON, SAMAKATWID, NIREVOLBA na ang Lupon ng mga Superbisor ng County ng Yolo sa pamamagitan nito ay idineklara ang Marso 2024 bilang Buwan ng Kamalayan sa Mga Kapansanan sa Pag-unlad at hinihikayat ang mga residente sa Yolo County na magbigay ng buong suporta sa pagbibigay kapangyarihan sa mga miyembro ng komunidad na may mga kapansanan sa pag-unlad at pagbibigay sa kanila ng pagkakataong umunlad.

IPINASAAT PINAGTIBAY nitong ika-12 araw ng Marso 2024 sa pamamagitan ng sumusunod na boto:

MGA OO: Vixie Sandy, Provenza, Barajas, Villegas, Frerichs.

Lucas Frerichs, Tagapangulo
Lupon ng mga Superbisor ng County ng Yolo

HALIKA AT SUMALI SA AMIN

INDUSTRIYA NG KAPANSANAN CAREER EXPO

2024

INIHATID NG DIRECT SUPPORT PROFESSIONALS COLABORATIVE:

Pagsasama-sama ng pwersa upang palaguin ang aming magkakaibang manggagawa na sumusuporta sa mga taong may mga kapansanan sa intelektwal o pag-unlad. dspcollaborative.org



Gustong makahanap ng
**Mapagmalasakit at
Kwalipikado na** mga indibidwal
na makakatrabaho sa mga
taong may **mga kapansanan sa
pag-unlad at Intelektwal?**

Pumunta sa industriya ng
kapansanan **Premier Employment
Event** para sa mga naghahanap
ng trabaho.



PETSA:
Abril 23, 2024



ORAS
10:00 AM - 2:00 PM



Sutter OneStop

Boyd Hall
895 Lassen Blvd., Yuba City,
California, 95993

Magparehistro Dito

